

# PROLOGUE

*To: satrianilives@yahoo.com, angelescharlee@hotmail.com*

*From: malaya612@yahoo.com*

*Subject: The Graduates*

*I can't believe we're all done with college now! Lalo na ako, akalain n'yo iyon? Akala ko, sa pagkawala ni Papa, tuluyan na ring magtatapos ang pangarap ko. But then, this offer I cannot refuse came my way and here I am, a proud graduate, with a degree in Legal Management. With honors pa! Let's drink to that! Oh yes, I am actually holding a bottle of leftover champagne, right this moment. Cheers!*

*Okay, enough sarcasm. Ang totoo? Hindi ko alam kung ano ang nararamdaman ko ngayon. Dapat masaya, dahil graduate na ako. Papa would be proud, but not when the reason why I made it is because I had to literally sell my soul to the effin' devil! Sino ba ang mag-aakalang ang easy peachy, high-paying part-time job na iyon ay ang mag-forge ng mga records at papeles para manatiling ligtas sa mata ng awtoridad ang isang sosyal na café resto na front naman pala*

*sa isang malakihang drug-dealing operation? Na ang katabing hotel pala ay kasabwat naman para maintain ang business ng ilang high-class prostitutes? I am a freakin' felon for two years now. Ang saya! Who would be proud?*

*On top of that, I had to be that bastard Kenneth's pseudo-girlfriend, another front so nobody would suspect him as the boytoy of this supposedly well-respected broadcast journalist who happens to be the wife of a high-ranking government official. Ang saklap, girls. Naturingang graduate ako ng itinuturing daw na Harvard University dito sa Pilipinas, pero nagbi-breed din pala ng mga super rich na kriminal gaya ni Kenneth Allejo, at siyempre ng dakilang fixer at forgery master like yours truly. Pwe!*

*So, who's a proud graduate now? Definitely not me. I envy you two. Sana nga posible iyang mga ino-offer n'yong tulong para makatakas ako dito. Pero mahirap, eh. Milyon din ang naging utang ko kay Kenneth dahil sa ginastos sa pagpapagamot ko kay Papa. Then there's my supposed education, and this hellhole in disguise of a high-end condo that I am living in now. Kailangan ko pang manatili sa payroll ni Allejo hanggang sa mabayaran ko siya nang tuluyan.*

*Pero huwag kayong mag-alala, may mga nakikilala*

*naman akong matino at useful connections sa ilang taong pagtatrabaho ko sa kanya. How's that for a Legal Management degree holder, huh? Illegal Management 'ika mo!*

*Oh well, enough of that. Basta gumagawa ako ng paraan. May mga ginagawa akong sideline para sa mga nakikilala ko. Nothing that's different from what I am doing for the bastard's shady business, but at least, bawi ang konsyensya ko dito sa part-time work ko. I have opened a separate bank account for this, too. Kenneth doesn't really care what else I do as long as I remain in his employ.*

*And that's what I will be for the meantime. Pero nagsisimula na rin akong magplano. May katapusan ang lahat ng ito. Give me at least a couple of years, at aayusin ko ito. I can't wait to live a normal, 'legal' life, you know. Sawa na akong makakita ng mga sosyal na addict at prosti. Sawa na akong makipagplastikan bilang 'girlfriend' ni Allejo sa mga alta na alam ko naman ang likaw ng bituka. One day, magkakaroon din ako ng tunay na boyfriend, na walang sabit at walang criminal record. ;p*

*I am looking forward to that day! Alam kong kayo rin. For now, mag-schedule naman kayo ng get-together. Miss ko na kayo. Utang-na-loob, huwag sa Druggies'*

*Unraveled - Sachi Bliss*

---

*Café, okay?*

# 1

*Where am I?* Ikinusot ni Laya ang likod ng mga daliri sa kanyang mata bago iyon tuluyang idinilat. Iginala niya ang tingin sa paligid. Nasa isang kuwarto siya na bagaman tila hinugot sa furniture showroom ang pagkakaayos ay hindi naman intimidating. Komportable iyon base sa magandang pakiramdam niya ngayon, na sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng ilang linggo ay alam niyang nakapagpahinga siya.

She checked the time on her cellphone; pasado alas seis pa lang ng umaga, araw ng Biyernes. Too early for her but she decided to get up so she could start her new life right away. Mapaklang napangiti siya sa sarili.

*Another new life, until someone gets wind of where I am, then it's time to run and pray I get a chance for a new life... again.*

Napapailing na hinarap niya ang bagahe at kumuha ng ilang damit na pamalit at ang kanyang toiletry kit bago kinuha ang isa sa dalawang tuwalyang maayos na nakatupi sa night stand at nagtungo sa banyo.

Mabilis siyang nag-shower, nagbihis at inayos ang kanyang toiletry kit sa isang maliit na holder sa banyo bago lumabas na. Sanay na siya sa mabilisang kilos at pag-aayos, kaya naman may ilang minuto lang ang lumipas ay palabas na siya ng cottage na magiging tahanan niya sa loob ng susunod na mga buwan, o taon, kung papalarin. Mamaya na siya mag-a-unpack. Kailangan muna niyang mag-almusal dahil hindi pa siya kumakain simula nang nakaraang gabi. Pagdating niya ng bandang alas ocho at matapos ang ilang minutong pakikipag-usap sa namamahala sa mga pinauupahang cottages na si Ate Arlene, derecho tulog na siya. Pagod na pagod siya sa halos apat na araw na biyahe at halos wala siyang tulog.

Mula sa isang maliit na bayan sa General Santos ay nakailang salin din siya ng bus, ferry at eroplano, hanggang sa wakas, paglapag niya sa Laoag ay isang bus na lang ang huli niyang sinakyan patungo sa resort town na iyon ng San Diego.

It was not that she kept losing her way that it took her four days to get from GenSan to that quaint little town in Ilocos Norte. Ang totoo ay may mga inililigaw siya, bukod pa roon, sa loob ng apat na araw ay mabilisan niyang kinontak ang mga ‘connections’ niya upang masigurong sa bagong lilipatan ay may nakahanda na siyang titirahan at eventually ay

panibagong trabaho rin.

Napailing siya. Ayaw na muna niyang isipin ang naging buhay niya, ang dahilan kung bakit sa loob ng nakalipas na taon ay malapit na niyang malibot ang buong Pilipinas sa pagpapalipat-lipat. Ni ayaw niyang isipin kung ano ang naghihintay sa kanya sa susunod na mga araw.

At ngayon ay nagugutom na siya. Bukod doon ay nagsisimula na namang bumigat ang mga talukap ng mga mata niya. She thought about her bamboo framed bed in that lovely cottage. Parang gusto na niyang bumalik at matulog ulit.

Ngunit kailangan niyang manatiling gising. Kailangan din niyang bumili ng ilang supplies. At kailangan niyang umpisahan ang lahat sa isang mug ng umuusok na kape. Strong and sweet. And maybe a big breakfast.

Itinuloy niya ang paglalakad habang inaalala ang mga sinabi sa kanya ni Ate Arlene nang nakalipas na gabi. Ayon dito, sa kabila ng umuunlad na komersyalismo sa kabayanan dahil sa unti-unting nakikilala ang white sand beaches at surf breaks sa San Diego, bukod pa sa narito rin ang main campus ng *Ilocos Norte State University*, nananatiling loyal ang ilang barangay, lalo na iyong mga sakop ang

beach strip, sa mga establishments na nasa Calle Mayor. Doon ay naghilera ang mga resthouses, at mga lumang bahay na ginawang paupahan para sa maliliit na opisina at shops. Sa dulo niyon, bago lumiko sa Calle Menor, ay ang *The Cornerstore*, na institusyon na sa San Diego. At doon siya papunta.

Ngayon ay nakikita na niya ang isang malaking signage na nakasabit sa isang mataas na puno ng niyog na katabi ng *The Cornerstore*. Isang palapag lamang at may tatlong baitang paakyat sa entrance. Mukhang luma na ngunit halatang well-maintained. From outside, it looked like one of those plantation-style houses, with its lovely front porch. Yari sa dekalibreng kahoy ang pinto nito, pati na ang frames ng mababang mga bintana.

From her place at the other side of the street, she could inhale a whiff of what was cooking inside. Kahit tuloy inaantok pa ay napabilis ang paglalakad niya patawid. Soon she was pushing the door open, sniffing as she made her way straight to the counter. Napapapikit siya sa sarap ng naaamoy na bagong gawang kape.

“Coffee... give me coffee. Strong. Black. Two teaspoons of brown sugar, please,” aniya sa taong nasa counter habang ang mga mata niya ay nakapako



sa salaming eskaparate na naglalaman ng ilang bandehado ng kaluluto pa lang na pagkain. “Tapos tig-iisang order nito, ito at ito pa,” turo niya bago walang pakialam na nag-inat. *Oh man, that felt so good.* “Pakibilisan, please,” sabi niya at saka pa lang tumingin sa taong nasa counter. Na dahilan upang magising siya nang tuluyan.

Matangkad ang lalaking nakatayo roon, marahil ay nasa six feet ang taas. Katamtaman lamang ang kulay ng balat nito, na kay gandang tingnan sa t-shirt nitong light blue. She couldn’t quite make out his features. It was obvious that he was Filipino, but there was also a hint of maybe Japanese or Korean in him. Bukod doon ay tila may iba pang lahing nasa dugo nito. Some European blood, maybe, what with those thick but nicely shaped eyebrows, straight nose, lips that were neither thin nor plump but just right, all almost perfectly set in a slightly angular face.

Ngunit ang talagang nakatawag ng pansin niya ay ang mga mata nito na kay ganda ng pagka-light brown at napaka-expressive. Sa mga sandaling iyon, bagaman nakatingin sa kanya at tila naghihintay ng kasunod pa niyang sasabihin, hindi naman maitatatwa ang tila walang katapusang kalungkutang mababasa roon.

But there was no denying the fact that the man in front of her was... well, beautiful. “Uhm... pakidala na lang doon,” nasabi na lang niya, sabay muwestra sa isang pandalawahang mesa sa sulok. Tumango lang ang lalaki bago niya nakitang kumuha ito ng isang mug at sinimulan nang gawin ang kape niya.

Iginala ni Malaya ang tingin sa paligid. The spacious dining area could probably seat around forty people. Sa isang banda ay ang munting daanan patungo sa grocery area kung saan may ilang customers na namimili. She made a mental note to do her shopping here also. Noon niya napansin na sa bawat mesa ay may notepad at ilang ballpen, bukod sa napkin holder at menu card. Mukhang para talaga iyon sa paggawa ng grocery list. And that’s what she did while her order was being prepared.

Nasa ikalimang item pa lang siya nang ilapag sa harap niya ang mga in-order niya. It was the same man on the counter, who meticulously arranged the plate, mug and utensils. Pinanood niya ito sa ginagawa, which was in military precision. *May OCD siguro.* Suminghut-singhot siya nang makitang umuusok pa ang mug ng kape.

*At ang bango pa!* Gusto niyang mapangisi dahil sa iba pang nasagap ng pang-amoy. The man who was

just a foot away smelled so fresh, and so... manly. *Oh my...* Hindi niya alam kung inaantok at nananaginip pa siya o talagang nagigising ang sistema niya ngayon dahil sa lalaking ito. She hadn't really noticed any man in ages.

Tiningnan niya ito na noon ay isang maliit na tray ng condiments naman ang inilalagay sa mesa. "Thank you," she smiled.

Ilang segundong minasdan siya nito bago ito tumango.

Noon bumukas ang pinto at iniluwa ang isang babaeng marahil ay nasa late thirties o early forties and edad, at gaya ng lalaki ay light blue rin ang peasant blouse na suot ka-partner ang denim capri pants.

"Naku, Evan! Sorry at na-late ako. Ang bunso ko kasi, sinumpong na naman at ayaw pumasok. Medyo matagal na pakiusapan din." The woman was plump, had a booming, alto voice, and a pleasant face.

"Okay lang, Ate Lani," mahinang sabi ng lalaki. Maganda, buong-buo at mababa ng boses nito. Pagkasabi niyon ay walang paalam na nagsimula na itong maglakad pabalik sa counter. Inagaw ng babae ang tray mula rito.

“Isa ka pang may sumpong,” nailing na komento nito bago napatingin sa kanya nang ilang sandali. Napangiti ito. “Aba...” Lumapit ito. “Bago ka dito, Ganda?” tanong nito bago tumingin sa counter. “Ako pala ang bahala sa breakfast ni Manong Felix! Isinabay nila ako ng anak niya pati sa paghatid kay Sasha kaya na-late din,” malakas na dagdag nito pagkatapos ay binalingan siya. “Si Evan ang nagsilbi sa ’yo? Iyong guwapong matangkad na hindi nababagay sa lugar na ito?” tanong muli nito na sinundan ng tawa.

Natawa na rin siya. “Siya nga.” Iniabot niya ang isang kamay rito. “I’m Laya.” Iminuwestra niya ang mga nakahain. “Kain tayo.”

Kinamayan siya ng babae bago naupo sa katapat niyang silya. “Thanks, tapos na. ‘Ate Lani’ na lang ang itawag mo sa akin. Cashier ako dito sa café at hanggang alas cinco ang duty ko dito. Bakasyunista ka o bagong lipat?”

“Bagong lipat. For health reasons at para na rin makalayo sa mga taong buwisit sa buhay ko.” Ngumiti siya sa kausap. “Magtatrabaho ako sa *MTC* simula sa Lunes bilang staff, kay Judge Ynfanta.” pagbibigay-alam niya. “Pansamantala, umuupa ako ng cottage sa *Flaviana’s*,” dugtong pa niya na ang tinutukoy ay ang hotel and resort compound kung saan naroon ang

tinitirahan niya. “Si Ate Arlene ang nagsabi na dito daw ako pumunta kung tinatamad akong magluto, at kung may mga kailangan akong bilhin.”

Napatangu-tango ito. “Ay, amiga ko si Arlene.” Nangingiting minasdan siya nito. “Ang ganda mo, Hija. Mukha ka ring hindi nababagay dito.” Pagkuwan ay hininaan nito ang boses. “Hindi ka naman ba sinupladuhan ni Evan?”

“Hindi.” Umiling siya. “Tahimik lang siya at mukhang mahiyain.”

“Mabuti. Hindi naman talaga siya suplado. Iyan lang talaga ang itinatanong ko sa bawat magandang babaeng naliligaw dito. And so far, ikaw ang pinaka.” Ngumisi si Ate Lani. “May boyfriend ka ba? Asawa? Maikli ang buhok mo, hindi ka naman tomboy?”

Natawa siya. “Walang boyfriend o asawa, at lalong hindi ako tibo. Tamad lang akong mag-ayos kaya pinaiklian ko ang buhok ko.”

“Sa ganda mong iyan, baka masobrahan na kung mag-aayos ka pa,” anito bago pumalampak at tinawag ang atensyon ng ibang tao roon. Ipinakilala siya nito sa lahat, na pawang kumaway at ngumiti sa kanya. Nang pumasok ang isang matandang lalaki na may kasamang malaking aso ay tumayo si Ate Lani at

inakbayan ito. “At ito ang aming ever reliable security force, si Manong Felix at ang sidekick niyang si Max.”

Sumaludo lang sa kanya ang matanda habang tumahol naman ang aso. Kinuha lang nito ang isang stack ng bagong deliver na diyaryo bago ito sumenyas ng paalam na lalabas muli.

Laya took all these with a smile. Ito ang unang beses na umaga pa lang at sa unang araw pa lang niya ay marami na siyang nakikilala. Nasanay siyang sa bawat lugar na nililipatan ay hindi siya pansinin.

“At siyempre, Laya, puwedeng tumingin ka muna sa counter at pagmasdan ang pinakaguwapong nilalang sa San Diego,” ani Ate Lani na dahilan upang matawa ang ibang naroon. The man didn’t say anything; ipinako lang nito ang atensyon sa coffee machine. “Evan, umayos ka at huwag mo munang ipahalata iyang sumpong mo dahil bago lang dito si Laya.”

Napabuntong-hininga ang lalaki bago ito nag-angat ng tingin, derecho sa kanya.

“Iyan si Evan Montaniez, ang may-ari nitong *The Cornerstore*,” pakilala rito ni Ate Lani, na sinundan ng mahinang palakpakan ng ibang mga taong naroon. “Smile, Evan.”

Amused na nagpalipat-lipat ang tingin niya sa makulit na cashier at sa ibang taong naroon, at kay Evan, na noon ay namumula na ngunit nakamasid pa rin sa kanya. For some reason, something about the way those sad eyes looked at her seem to warm her heart, dahilan upang ngitian niya ito nang ubod-tamis. Na parang nais niyang ipaalam sa lalaki na huwag itong mag-alala at mahiya.

And Evan must have somehow sensed what she was trying to say with that smile, at sa panggigilalas niya ay ngumiti rin ito, nang bahagyang-bahagya lang. His closed mouth turned upwards, and the sides of those pretty eyes crinkled a bit, making a lot of difference with the way he looked.

Nahawakan tuloy niya ang panga dahil baka malaglag ang mga iyon. Hindi siya madaling ma-impress sa mga lalaki. Mas madali para sa kanya ang magduda. Ni hindi siya madaling maguwapuhan. But this Evan guy, who seemed to even resent the fact that he was that good-looking was just something else.

And for the first time in her mostly tumultuous, messed-up life, Laya thought she was about to believe anything that was good and beautiful, all because Evan Montaniez smiled at her.

---

Linggo ng gabi nang magbalik si Laya sa *The Cornerstore*. Naging abala siya nitong nakaraang dalawang araw sa munting orientation sa magiging trabaho. Namili na rin siya ng mga bagong damit dahil sa bawat paglipat ay sinisiguro niyang hindi magiging pamilyar sa mga isinusuot niya ang mga taong tinatakasan niya. Ipinaayos at ipina-treat na rin niya ang maikli at maalong buhok na siya mismo ang gumupit. Ang San Diego ang sa tingin niya ay kaunahang bayan na nagustuhan niya. Hindi niya alam kung bakit at home ang pakiramdam niya rito.

Siguro ay dahil iyon sa pagkakaroon niya ng mga bagong kakilala sa unang araw pa lang, mga taong tila kaagad na siyang tinanggap sa buhay ng mga ito at kung ituring siya ay tila matagal nang kaibigan. There was not a time when she walked along Calle Mayor and Calle Menor without anyone stopping her to chat for a while.

Iyon ay sa kabila ng maraming bagay siyang hindi maaaring sabihin sa mga ito, gaya na lang ng tunay niyang pagkatao, kung saan talaga siya nanggaling at kung bakit sa loob ng isang taon ay palipat-lipat siya sa iba't ibang panig ng bansa.

Nobody doubted her, of course, because she was about to work for a beloved judge. Ang naturang judge



din ay kapatid ng isa sa mga may-ari ng *Flaviana's*, na ina naman ng isa sa mga 'connections' niya na may malaking utang-na-loob din sa kanya. Isa pang dahilan kung bakit kaagad ay natanggap siya ng mga tao ay dahil sa pagkagiliw sa kanya ng magkaibigang Arlene at Lani, na sa di-malamang kadahilanan ay tila nais pa siyang ireto kay Evan.

Si Evan, na sa kabila ng kaguwapuhan at accomplishments bilang businessman at pagiging isa yata sa pinakasikat na personalidad sa bayang iyon, ay nuknukan naman ng pagkamahiyain at tahimik. Dahilan upang maintriga siya rito.

Napailing siya bago napangiti dahil habang palapit sa *The Cornerstore* ay nakita niyang nasa pinto si Evan at inaayos ang pagkakapatas ng ilang mga kahon. Binilisan niya ang lakad at halos talunin ang pag-akyat bago matamis na nginitian ang lalaki.

“Good evening,” bati niya nang nasa tabi na siya nito.

Halata ang pagkagulat sa mukha ng lalaki. Ilang segundong nakatingin lang ito sa kanya. Hindi alam ni Laya kung ano ang mararamdaman sa tinging iyon ni Evan, which was a mix of awe and shock. Na-conscious tuloy siya dahil nakatitig ito sa mukha niya.

“Hi,” mahinang sabi nito bago napakurap.

Napakapit siya sa pinto, dahil kung hindi niya gagawin iyon ay baka napsil na niya ito sa pisngi o sa mga braso nito. His arms looked strong, firm, and steady as those broad shoulders. Kung bigla siguro siyang hihimatayin ay masasalo siya ni Evan nang hindi ito matutumba man lang kahit na ba hindi average ang built niya. Sa taas na 5’7” kasi ay big-boned siya, pero sa awa ng Diyos ay may mga curves naman.

Now she wished she wore something that showed off those curves, instead of a simple shirt and jeans. *Wait! Why would I want that, anyway?*

Nailing na pumasok na siya at dumerecho sa counter. Isang matangkad at magandang babae ang bantay roon na nagpupunas ng mga mugs at baso. Tila kinakausap din nito ang isang malaking pusa na nakaupo sa tabi ng latang lalagyan ng mga baryang donasyon. Nag-angat ito ng tingin at itinabi muna ang ginagawa. Her pretty face seemed to light up, and for some reason, she looked familiar.

Ngumiti siya bago tumingin sa menu board. “Bagnet pasta and sandwich combo. And large dragonfruit iced tea.”

“Good choice,” puna nito bago nilagyan ng check marks ang order form. “Dessert?”

“Mango pie,” sabi niya bago minasdan ang magandang mukha ng kaharap.

Hindi naman iyon nakaligtas sa babae. “Mukha ba akong pamilyar?” Inilahad nito ang isang kamay. “I’m Enya.”

Nahihiyang nakipagkamay siya rito. “Pasensya ka na. Hindi kasi ako matahimik hangga’t hindi ko naalala kung saan ko nakita ang mga taong pamilyar sa akin.” Ngumiti siya. “I’m Laya.”

Lumawak ang ngiti nito. “I know. Laya, as in ang babaeng nagpangiti sa lalaking nasa pinto at engrossed sa mga kahon?” saad nito. “He’s my brother, by the way. At sa tingin ko, iyon ang dahilan kung bakit pamilyar ako sa ’yo.” Bahagya itong natawa. “Ang weird nga, eh, palaging may mga dayo dito na nagsasabing pamilyar ako sa kanila pero hindi maalala kung saan ako nakita. It turns out it’s because magkahawig nga kami ng kapatid ko. Pero dahil OA ang isang iyon sa pagiging tahimik at mailap, madali na rin para sa iba na makalimutan siya. Except most women, of course.” Iniabot nito sa isang staff ang order form.

*Kapatid ito ni Evan?* She could see the resemblance now. Pero kung ano ang itinahimik ng lalaki, siya namang idinaldal ni Enya. “Well, I guess tama ka.”

Ngumiti ang kanyang kausap. “And it’s a pleasure to meet the woman who made my brother smile. Milestone iyon. Sayang walang nakakuha ng picture, pero marami namang witness so okay na rin.”

“It was just a shadow of a smile. Kaunting-kaunting lang.”

“Kahit na. Mas madalas pang mag-eclipse kesa ang makita naming nakangiti siya.”

Ilang sandaling tiningnan lang niya ang babae bago napangiti. “Well, mauupo na ako doon at medyo nahihilo na ako sa gutom. It was nice to meet you, Enya.”

Sumaludo ito sa kanya. “My pleasure. Pabibilisan ko ang paghahanda ng order mo. Paalis na din ako dahil hanggang eight lang ang shift ko dito.”

Nakangiting tumango lang siya bago nagtungo sa isang bakanteng pandalawahang mesa, na katabi ng mesa kung saan ngayon ay kasalukuyang inilalagay ni Evan ang laptop nito at ang ilang folders at papeles. Naupo siya at minasdan ito sa ginagawa.

Over the years, she hadn't met any man who was worthy of her time, energy, at lalo na ng kanyang tiwala at pagmamahal. She had never been in any real relationship but she was already jaded. Iyon ay sa kabila ng lumaki siya sa mabuting pag-aalaga at pagmamahal ng kanyang yumaong ama na nag-iisang nagisnan niyang kapamilya.

Nakakatawang ngayon ay isang lalaking ni wala man lang ginagawang effort para mapansin ng kahit na sinong tao ang pumupukaw ng kanyang curiosity.

Tila walang kamalay-malay si Evan na pinagmamasdan niya ito. Parang naramdaman ng lalaki na nasa malapit lang siya nang matapos ilapag ng serving staff ang order ay tinawag niya ang atensyon nito kasabay ang pagpapatunog pa ng hawak na kubyertos.

“Evan!”

Nag-angat ito ng tingin. Muli ay parang nagulat ito, at may pagtatanong sa mga mata.

“Kain tayo,” alok niya, sabay ngiti.

Napakurap ang binata, parang iniisip kung ano ang isasagot sa kanya. Pagkuwan ay bahagya itong ngumiti. “Tapos na ako,” mahinang sabi nito. “Thank you.” Muli na nitong niyuko ang laptop.

Hindi niya alam kung ano ang iisipin o mararamdaman sa nangyari. *That smile again!*

“Oh, my God! Totoo nga! Sayang, hindi ko agad nailabas ang cellphone ko!” bulalas ni Enya na hindi niya namalayang palapit pala. Kalong nito ang pusang nasa counter kanina. “Ang ngiting ipinagkakait mo sa lahat at kahit sa sarili mong kapatid, basta mo na lang ipinapakita sa...” She looked at Laya with mock horror. “Sa babaeng ito?” Tinapik siya nito sa balikat. “Nice one, Te!” anito bago lumapit sa kapatid, hinawakan sa baba upang iangat ang mukha ng huli. “Kuya, nagba-blush ka,” natatawang sabi nito bago binitawan ang mukha ng lalaki at tila may hinahabol na tinungo ang pinto.

Napabuntong-hininga lang si Evan bago ibinalik ang atensyon sa ginagawa. Napangiti si Laya sa kanyang nakita; tunay ngang namumula ito.

Maging siya ay nangangainit ang mga pisngi, sa hindi niya malamang kadahilanan.

## 2

“Good evening everyone! Hi, Enya!”

Evan cursed inwardly as he held onto a pillar. His reaction to that now familiar voice was automatic, at hindi niya gusto iyon. Wala man sa line of view niya si Laya ay hindi pa rin iyon nakatulong upang makalma ang puso niya. Hindi bago sa kanya ang nararamdaman. Ngunit sa pagkakataong ito, alam niyang hindi iyon welcome.

“Enya! Gutom ako, as usual. Alin pa ba sa nasa menu ang hindi ko pa natitikman?” narinig niyang sabi nito.

“Try the Vigan pizza. Vigan not vegan. Puro karne ang toppings like bagnet, longganisa... on herbed crust that’s actually good for two,” sagot ng kapatid niya na tila madali ring nakagaan ng loob si Laya.

“Sige, I’ll have that pero hindi ko kayang ubusin ang isa, magsu-soup pa ako. At alam mo namang hindi ako nabubuhay nang walang dessert after a meal. Kumain ka na ba? Saluhan mo ako,” alok muli ni Laya.

“Busog na ako, ’Te. Si Kuya, hindi pa yata

kumakain... Kuya!” tawag ni Enya.

*Damn!* Muntik nang dumulas sa kamay niya ang hawak na bombilya na ipapalit sa napupundi nang corner lights. Noon ay nakatayo siya sa isang foldable na hagdan, sa kanto sa pagitan ng counter at grocery area upang palitan ang ilaw. Katatapos din lang niyang palitan ang isa sa mga speakers.

“Kuya! Nasaan ka? Nand’yan ka pa?” tawag pa ni Enya ngunit tila hindi naman gumagalaw sa puwesto upang hanapin siya.

Pinanindigan niya ang hindi pagsagot at sa halip ay ipinagpatuloy na lang ang pagpapalit ng ilaw. Wala siyang panahon sa alam niyang ilang araw nang sinusubukang gawin ng staff at regular customers sa *The Cornerstore*, at iyon ay ang ireto siya kay Laya.

“Hayaan mo na. Kakayanin ko na lang ubusin iyon,” natatawang sabi ni Laya. “May mga kukunin lang ako sa grocery, ha. Sa table six ako.”

Alam ni Evan na hindi siya dapat makonsyensya, pero ramdam pa rin niya ang kaba nang marinig ang pag-ingit ng mababang pinto na naghihiwalay sa dining area at sa grocery. Pinanatili niya ang focus sa ginagawa. He dared not look at Laya. Pero imposible din namang hindi siya maging aware dahil



sa ngayon ay pamilyar na rin nitong amoy. Some fresh, mild, clean scent that wasn't overpowering, but still noticeable.

“Tinatawag ka ng kapatid mo kanina, hindi ka man lang sumagot.”

Sasakit yata ang leeg niya sa kakapigil na huwag tumingin sa gawi ng nagsalita, pero pinanindigan niya ang pagkukunwaring abala. Pinakahigpitan niya ang pagkakalagay ng bulb hanggang sa puwede na siguro iyong paglambitinan ng mga bata sa higpit.

“Then, again, I heard you are really that shy so dapat siguro masanay na lang ako at hindi ma-offend,” anito.

This time, matapos ang isang buntong-hininga, tumingin siya sa kanyang kaliwa. Nasa aisle mismo na kahilera ng hagdan si Laya, may hawak na maliit na basket at nagtitingin sa mga pakete ng instant coffee mixes.

“Wala pa akong nakilalang kasing-mahiyain at tahimik mo, to think na wala naman akong makitang dahilan para mahiya ka. Not that there is anything about anyone they should be ashamed of, unless may sobrang hindi katanggap-tanggap talaga silang ginawa,” patuloy ng babae na hindi man tumitingin sa

gawi niya ay obvious namang siya ang kausap. “Para akong tanga, ’no? Salita ako nang salita dito kahit mukha namang wala kang balak makipag-usap.” Sinundan nito iyon ng mahinang tawa.

At kahit anong pigil ang gawin ni Evan, wala na rin siyang nagawa nang maramdaman ang pagkurba ng mga labi sa isang ngiti. Naiiling na muli niyang tiningnan ang pagkakaayos ng speaker. Hindi naman siya naiinis sa presence ni Laya. She was actually quite interesting and funny. Napakapositibo rin ng babae at nakakahawa ang pagiging masayahin nito, kaya kahit ilang araw pa lang na nakikilala ng mga kababayan niya ay tila marami na itong kaibigan.

He actually liked her melodious voice, pati na ang mataginting nitong tawa na tila punung-puno ng buhay. She was also very beautiful, at hindi na niya ito kailangang tingnan nang matagal at madalas upang lubusang ma-appreciate ang ganda nito. She was tall, had an athletic but curvy figure and classic features. Kahit madalas ay tila magulo ang maikling buhok nito ay hindi iyon nakabawas man lang sa ganda nito.

Under different circumstances, he would have admitted to actually being attracted to her at the very least. But he was long past those times, when he would

allow himself that small indulgence. Hindi na niya dapat hinahayaan man lang ang sariling lumagpas sa dapat ang kung anumang nararamdaman niya. Hindi bale nang isipin ng iba na suplado siya, tahimik at masyadong mahiyain. At least, safe siya.

Muli ay tiningnan niya ang mga inayos bago bumaba ng hagdan. Ilang hakbang lang naman iyon pababa ngunit nawalan siya ng balanse nang isang baytang na lamang ay nakaapak na siya sa sahig. Marahil ay hindi kinaya ng hagdan ang bigat niya, kaya awtomatikong humanap ng makakapitan ang isang kamay niya upang hindi siya tuluyang matumba.

Ngunit sa halip ay may alertong humawak doon, keeping him steady in no time. The grip on his right arm was firm and solid, ngunit hindi kahigpitan. That strong hand that was holding him felt warm, and surprisingly a bit rough, for a woman.

That was none other than Laya, na noon ay nakatayo sa tabi niya at hawak pa rin sa isang kamay ang basket habang ang isa ay inaalalayan siya. Bahagyang nangungunot ang noo nito at may pag-aalalang nakatingin sa kanya. She was also standing so close that he could inhale more of that lovely, mild scent.

Muntik na niyang maipikit ang mga mata kung hindi lang niya kaagad na naalala kung nasaan sila. Maingat na itinulak niya ang hagdan bago marahang inalis ang pagkakahawak sa kanya ni Laya.

“Such an iron grip,” komento niya habang hawak ang kamay nito. He liked the feel of her hand in his. It was so... familiar. Sa naisip ay mabilis tuloy niya iyong nabitawan.

Na balewala naman sa babae. “Volleyball ang PE. ko dati. And I was part of the fencing team. So, kung gusto mo ng mabilis na tagasalo, tawagin mo lang ako,” nakangiting turan nito.

Napakurap lang dito ang binata. Of course, Laya was just being nice and friendly. Pero kilala na niya ang sarili. He could easily fall and drown into those soulful eyes of hers. Hindi niya dapat hayaang mangyari iyon. Ilang beses na niyang hinayaang umasa at magmahal ang sarili, upang mabigo lang sa huli. It was always with the new girl in town. It was always with someone new, someone who would soon leave as soon as she found out who and what he was.

Paano siya nakasisigurong iba si Laya? Walang garantiya. Mas mabuting sa umpisa pa lang ay umiwas na siya. “Thank you,” mahinang sabi niya bago walang paalam na tumalikod. He instantly felt

bad about it. Pero kailangan niya iyong gawin.

For he knew that once more, and against his better judgment, he could easily be on the brink of falling for someone like Laya.

---

Biyernes at kaiibis pa lang ni Laya sa tricycle sa compound ng *Flaviana's* nang napansin niya na palabas ng hotel si Enya. May hawak itong walking stick na paminsan-minsan ay itinutukod nito habang ang magandang mukha ay nalulukot dahil sa kung anumang iniinda.

She never noticed before that Enya walked with a limp. It didn't quite fit, considering that she was always perky and confident. Ngayon ay napaka-fragile tingnan ng babae. "Enya!" Halos patakpong nilapitan niya ito at kaagad na inalalayan sa isang braso at likod.

"Uy, Laya..." nakangiti bagaman tila nahihirapan pa ring sabi nito habang patuloy sa mabagal na paglalakad. "Kauuwi mo pa lang?"

"Yes. Ikaw, saan ka galing? Ayos ka lang ba? Gusto mong doon muna tayo sa bahay ko at nang maipahinga natin sandali iyang binti mo?" sunud-sunod na tanong niya habang nakaalalay pa rin sa

babae.

Umiling ito. “I’m fine. Ganito lang talaga pagkatapos ng bawat therapy session. Si Ate Arlene ang PT ko at twice a week akong pumupunta dito simula nang kaya ko nang maglakad.”

“Bakit hindi ka na lang mag-tricycle pauwi? Saan ba ang sa inyo?”

“I’m fine, Laya. Thanks.” Inihawak nito ang isang kamay sa kanya. “Sa likod lang ng tindahan ang bahay namin. Tsaka kailangan kong masanay uli na maglakad nang malayu-layo. May isang taon pa lang simula nang makapaglakad ako uli nang walang saklay. That’s after almost three years in a wheelchair, then another year on crutches. Simula nang maaksidente ako, bahay-tindahan lang ang kadalasang nararating ng mga paa ko. The rest, ipinagda-drive ako ni Kuya o ng kahit sino sa mga tricycle boys dito.” Napangiti ito. “Don’t worry, Laya. Kailangan ko itong kayanin dahil gusto ko na talagang gumaling at makapaglakad nang mas maayos.”

Ilang sandali niya itong tiningnan bago marahang tinapik sa braso. “Okay. Pero aalalayan kita hanggang sa tindahan. Mukhang pinanggigilan ni Ate Arlene ang pagmamasaha sa ’yo.”

Natawa ito. “Ganoon talaga siya.”

Laya took in the cool afternoon air as they walked. Derecho sa daan ang tingin niya. Sa kanan nila ay ilang resthouses na may malalawak na front yards. Sa kaliwa naman ng maliit na kalsada ay ang boardwalk, na lumiliko sa beach sa di-kalayuan.

“Napakaganda ng lugar na ito para limitahan mo ang sarili mo. This may be a small town, but there’s so much to see.”

“I know...” Napabuntong-hininga ang kasama niya. “There was a time when I didn’t want to live anymore to see all these again, you know.”

Mataman niyang minasdan ang katabi, na malungkot na nginitian lang siya, bago nito ipinako ang tingin sa daan.

“It was an accident. Three days bago ang graduation ceremonies namin noong college. I was walking back to my dorm. Medyo madilim sa nilalakaran ko. Masyadong mabilis na ni hindi ko na naalala kung ano talaga ang nangyari. Hit-and-run. Walang witness, walang nakakita kung anong sasakyan iyong bumangga sa akin. Mabuti na lang may napadaang magta-tricycle na humingi ng tulong at nadala ako sa hospital. Three days din na comatose

ako noon, pero nang magising ako at halos hindi maigalaw ang katawan ko, I wanted to die.”

Hindi niya alam kung bakit may kung anong bumangga sa dibdib niya sa narinig. It was hard to imagine that this beautiful, vibrant woman went through a difficult time in her life.

Napailing si Enya. “Matindi ang naging spinal cord injury ko. I was wheelchair-bound, depressed and suicidal. Bago kasi ang aksidente, naka-schedule ako for a final interview bilang field reporter at this major TV network. Magsu-shoot din ako for a TV commercial, for an energy drink.” Mahina itong napatawa.

“Siyempre, wala isa man sa mga iyon ang natuloy. Sa loob ng lampas dalawang taon, wala akong ginawa kundi pahirapan ang buhay ng mga taong nakapaligid sa akin, lalo na ng kuya ko. We were orphaned early. Siya na ang tumayong magulang ko since he was eighteen, and I was thirteen. Sa loob ng dalawang taon, wala na akong ginusto kundi mamatay. Suki na ako sa hospital diyan sa bayan dahil every month yata, o sa tuwing malilingat lang si Kuya, sinusubukan kong sirain ang buhay ko.”

“Then one morning, I woke up from yet another suicide attempt, inside a hospital room, with my



brother asleep on the chair beside my bed. Mukha siyang pagod na pagod, and he looked worse than I did.” Napailing itong muli.

“And it was worse than not being able to walk, than whatever pain I feel on my legs. Heto ang isang taong ang dami nang na-miss sa buhay dahil sa pag-aalaga sa akin, at patuloy kong pinapahirapan. I resolved to make the most of what I still had. I resolved to live again, kahit para sa kapatid ko lang. Si Kuya Evan na yata ang pinakamatiyagang taong nakilala ko. Siya na lang ang naniniwalang kaya ko pang lagpasan ang pagsubok na ito, eh. I guess it rubbed off on the people around us that soon, everyone wanted to do their part.” Muli itong napangiti.

“I thought my life ended when I lost those opportunities that were waiting for me before the accident. Pero ang daming dumating nitong nakalipas na taon. At iyon ay dahil hindi ako sinukuan ni Kuya.”

Laya simply stared at her. She had always known there was more to Evan than just this shy, brooding store owner, and she was right.

“Sana lang puwede ring daanin sa therapy ang pagkamahiyain at mailap ni Kuya,” natatawang sabi ni Enya, na nagpangiti sa kanya.

“Baka kailangan lang niya ng adrenaline shot. Nasubukan na ba niya iyon?” tanong niya. Noon ay palapit na sila sa kanto.

Lalo itong natawa. “Dati pinainom ko ng *Red Bull*, noong nagkasakit ang isang tao namin. Kapag weekend kasi ay twenty-four hours na bukas ang tindahan. Wa epek. Gising lang siya magdamag at mabilis kumilos, but he was still shy and quiet.”

“Ganoon ba talaga siya dati pa?”

Nagkibit-balikat ito. “Yeah. Pero parang lumala noong tumanda siya. Babae na nga ang nanliligaw sa kanya minsan. Ang weird, kasi that kind of set-up worked somehow. Iyong lagay na iyon, nagka-girlfriend pa siya. Pero wala namang nagtagal. He won’t tell me why. Eventually, ’yung mga nagiging girlfriend niya dati would either move out of town or out of the country.”

“Baka hindi lang talaga sila para sa isa’t isa.” Parang hindi niya ma-imagine si Evan na may kasamang babae o may karelasyon. Paano kaya ito bilang boyfriend? Why did she even want to know, anyway?

“Maybe...” Napabuntong-hininga muli ang kausap. “Pero naisip ko ring baka dahil sa akin.

Baka pakiramdam niya’y hindi niya ako puwedeng iwan. Kaya nga pinagtitiyagaan ko ang therapy, ang pagsisigurong okay na ang kondisyon ko. Buti na rin na may nahanap akong ilang matinong trabaho kahit home-based. At least, financially independent na ako these past couple of years. Tulong ko na lang ang pagtao sa tindahan kahit four hours a day lang.” Napangiti ito. Noon ay nasa tapat na sila ng *The Cornerstore*.

And Evan was standing by the porch. Tila naghihintay talaga ito roon. He was in a simple white shirt and gray cargo pants. His hair was slightly windblown, a few wisps falling across his forehead.

*Ang guwapo talaga ng lalaking ito kahit anti-social.* Ikinaway ni Laya ang isang kamay rito, na sinagot lang nito ng bahagyang pangungunot ng noo bagaman tumango.

“Nahiya pang mag-smile si Kuya kasi kasama mo ako,” bulong ni Enya na ikinatawa niya.

Sinalubong kaagad sila ng binata at nakialalay ito sa kapatid nang marating nila ang harap ng tindahan.

“OA ka, Kuya,” ani Enya at kunwa ay aambaan ito ng hawak na tungkod. “Ayos lang ako. I had a good company on the way here.” Sinulyapan siya

nito. “Papasok na ako. Thank you, Laya.”

Nginitian lang niya ang babae. Naiwan sila ni Evan na kapwa nakatayo sa porch, sa gilid ng pinto. Ramdam niyang nakatingin ito sa kanya habang inihahatid niya ng tanaw si Enya, kaya pagbaling sa binata ay ngumiti siya rito.

May sasabihin sana siya ngunit kaagad iyong nalimutan nang makita kung paanong namula ang lalaki. Hindi niya alam kung matatawa o mapapailing. *Man, this guy's too adorable for words.* Pinanatili niya ang tingin sa katabi, na awa ng Diyos ay hindi rin naman inalis ang tingin sa kanya.

“Thank you...” He paused. “Sa pag-alalay mo sa kapatid ko.”

# 3

Laya waved a hand dismissively. “Wala iyon. We had a nice chat on the way here, so okay lang.”

Bahagya itong ngumiti. “Kadalasan, sinusundo ko talaga siya sa resort pagkatapos ng bawat session niya. Hindi ko lang nagawa ngayon dahil may inasikaso ako sa munisipyo. Medyo mas fragile si Enya ngayon dahil nagkatrangkaso noong isang linggo at—”

Napahinto sa sinasabi ang binata nang marahil ay mapansing kakaiba ang tingin niya rito. Ang ganda ng mababa at buung-buo na boses ni Evan kapag normal ang lakas niyon at hindi bumubulong. Ang sarap niyong pakinggan.

“Three sentences iyon na may independent clauses pa.”

Lalo itong namula at tila nablanko na sa kung anuman ang susunod pa sanang sasabihin.

“I was beginning to think na naiingayan ka sa akin at ayaw mong narito ako, you know?” aniya pa, na umiiral ang kapilyahan dahil sa nakikitang pamumula ng kausap.

Ipinaloob nito ang mga kamay sa bulsa ng pantalon nito. “Gusto ko lang magpasalamat.” Muling humina ang boses nito.

Ngali-ngaling kurutin niya sa pisngi ang binata. “Walang anuman iyon, Evan,” sabi niya bago sumulyap sa kanyang relo. “Well, aalis na ako at nakahanda na iyong mga lalabhan ko sa bahay. Marami-rami na din iyon,” aniya bago magang itong tinapik sa braso. Those firm arm muscles. *Hmm...*

Mabilis na binawi niya ang kamay at tumalikod na. Hahakbang na sana siya pababa ng porch nang marinig niyang tinawag siya ni Evan. At gusto niya kung paano nitong sambitin ang kanyang pangalan. *Man, when did I ever start noticing such cheesy stuff?* Hinarap niya ang lalaki, na matamamg nakatingin sa kanya.

Namumula pa rin ito. “Would you like to have coffee or tea first? Kagagawa lang ng ilang pastries namin. Magmerienda ka muna.”

Itinaas niya ang isang kamay. “Three sentences. Ang suwerte ko yata ngayong araw na ito,” aniya. She couldn’t just resist pointing that out, ngunit kasabay rin niyon ang tila pagbilis ng kabog ng kanyang dibdib. Hindi niya kasi inaasahan ang imbitasyong iyon. She had never really had any man ask her for

anything like that over the past years. Well, ever. Mostly because there was no chance or she never gave anyone the chance. Pagkatapos ay maririnig pa niya ang ganoong klase ng paanyaya mula sa isang tulad ni Evan. Mahina at tila hiyang-hiya pa ang pagkakasabi nito.

And she wanted to say yes, hindi dahil matagal na panahon na siyang naghihintay sa ganoon ngunit dahil ang nagsabi niyon ay ang kapatid ni Enya. Pero hindi niya alam kung tama ba iyong nararamdaman niya, and it was for the same reason. Because it was Evan. A.k.a. the only man who managed to really catch her attention. And she was not sure if she could allow herself that chance, because of who and what she was.

Ilang sandali ring nakatingin lang sila sa isa't isa. Evan's gaze was hopeful, hers must be undecided. At dahil hindi niya iyon inaasahan, at hindi siya handa ay pinili niya ang mas madaling desisyon.

"I would love to, Evan, pero nakalinya na kasi ang mga gagawin ko sa bahay, pati na ang iniuwi kong trabaho," sabi niya na gusto niya kaagad pagsisihan dahil sa nakitang lalong paglamlam ng mga mata ng binata.

Marahan itong napatango. "Okay. It was just..."

to say thank you,” mahinang tugon nito.

Minasdan niya ang lalaki. Bakit ba tila hindi niya kinakaya ang pagtanggap rito? “Libre ba iyong merienda na ’yon?”

Napakurap ito bago marahang napangiti. “Oo naman.”

Napangiti na rin siya at napatango. “Puwede ko bang i-claim ang libreng merienda na iyon sa Sunday? Ganitong oras din? Reward ko na din sa sarili ko para sa pag-career sa labada at take-home work this weekend,” aniya bago marahan itong tinapik muli sa braso.

Evan flashed her a smile that revealed almost perfect white teeth. Nahigit niya ang hininga sa ngiting iyon. It was a heartbreaker’s smile, one that would surely disarm any sane, straight woman. At hindi niya maitatangging gusto niya ang pakiramdam na ang sinabi niya ang dahilan kung bakit ngumiti ito nang ganoon.

“Of course, Laya,” turan nito, nakangiti pa rin sa kanya.

Napailing siya. “O siya, aalis na talaga ako at baka tuluyan na akong matulala diyan sa smile mo,” biro niya bago kumaway at muli nang tinalikuran



ang binata.

Hindi na niya ito hinintay na makapagpaalam din nang maayos sa kanya. Kailangan na niyang lumayo. That smile was doing a lot of strange things to her. That on top of his fresh, manly scent that she could inhale as she stood so near a while back, that giddy awareness that they were standing so close.

It was all too much and she wasn't ready for it. She was not ready for someone like Evan.

Not even this Sunday.

---

“Rest ka na, Kuya. Kaninang alas seis ka pa dito. Mamaya lang ay darating na sina Maxine, hanggang closing na sila.”

Nag-angat ng tingin mula sa pag-aayos ng slices ng banana bread si Evan at tumingin kay Enya, na abala sa pagpa-punch ng orders. Linggo ng hapon at puno ang *The Cornerstore* ng mga taong nag-participate sa isang katatapos lang na team-building seminar sa kalapit na resort. The place was filled with lively chatter. Kahit simula pa kaninang umaga ay halos hindi siya mapirmi sa pag-aasikaso ng customers ay hindi pa rin iyon nakakatulong upang hindi niya masyadong maramdaman ang excitement.

At maging masyadong conscious sa oras.

Ilang minuto na lang at four thirty na. Anytime now, Laya would be at the door.

“Ayo lang ako. Tatapusin ko lang ang paglilipat nito.” Iminuwestra niya ang ilang hilera ng baking trays na puno ng bagong gawang pastries. Kailangan niyang gawing abala ang sarili. Ayaw niyang masyadong isipin ang oras o ang pagdating ni Laya. Hindi iyon date, kaya hindi siya dapat ma-excite.

It was not like he was planning to join her at the table. Sisilbihan lang niya ito ng libreng merienda. Iyon lang. Pero bakit ingat na ingat siyang huwag madumihan ang sarili o mag-amoy pasta sauce sa tuwing magagawi siya sa kusina ng café? Bakit siniguro niyang tama lang ang volume ng piped-in music pati na ang playlist nila para sa araw na iyon?

Napabuntong-hininga siya. Now he was thinking too much.

“Kuya, ano ba? Natutulala ka na diyan. Umuwi ka muna at magpahinga.”

Pagtingin niya sa kapatid ay nakapamaywang na ito. Nailing na ipinatong niya ang tray sa pasimano ng bintana na ang kabilang panig ay ang kusina ng café.

“I’m waiting for Laya,” mahinang sabi niya.

Ilang segundong minasdan siya nito. “Hindi ako sigurado kung pupunta siya ngayon dito. Ang alam ko, toxic siya this weekend.”

Mataman niyang tiningnan si Enya. “Pupunta daw siya.”

Tumaas ang kilay nito. “Paano mo nalaman?”

“She said so.” *Damn*, now he was being cross-examined, by his sister no less!

“Kailan niya sinabing pupunta siya dito ngayon?”

“Last Friday.”

“She told you?” paniniguro nito.

“Yes.” He glared at her.

Halata ang pagpipigil nito sa ngiti. “At hinihintay mo siya dahil...”

“Dahil inimbitahan ko siya.” Napabuga siya ng hangin pagkatapos sabihin iyon.

Nangislap ang mga mata ng kapatid sa narinig. “Really.”

“This was last Friday, it was to thank her for taking care of you. Pero may mga dapat nga

daw siyang gawin. Kaya ngayon na lang daw siya magmemerienda dito.” *Man, I sound so defensive!*

Tuluyan na itong napangiti. “Kuya, no need to explain.”

Ramdam ni Evan na pinamulahan siya ng mukha. “Just... just text me,” aniya bago kinapa na ang susi ng bahay nila sa bulsa.

“Punuan tayo ngayon. Saan ko papupuwestuhin ang date mo?”

“She’s not my date,” mabilis na sabi niya. Enya just giggled. “Baka naman may mabakante na pagdating niya.”

“May dalawang grupo pang naghihintay sa labas, Kuya.” Nag-isip ito. “Bakit hindi mo na lang ayusin kahit iyong dulo ng side porch? Isang mesa lang naman, and a couple of chairs. Presko pa doon at kita n’yo ang beach.”

“Amoy pintura pa doon. At may mga nakatambak—”

“Hindi maarte si Laya. Nakita ko pa nga siyang sa likod ng tricycle nakapuwesto noong isang araw.” Marahang itinulak na siya ng kapatid papunta sa maliit na hallway sa gilid ng kusina, na patungo sa back door. “Just go.”

Nailing na sumunod na lang siya. Kumuha siya ng isang table cloth, placemats at basahan bago dumerecho sa likod. Hindi pa tapos ang ipinapagawa niyang wrap-around porch na karugtong ng nasa harap na ng *The Cornerstore*. Sa ngayon ay tatapusin na lang ang pagpipintura roon at lalagyan ng halaman. Nakasalansan na roon ang ilang mesa at silya na ilalagay. Kumuha siya ng isang set at inayos iyon sa dulo. Nang matapos ay naupo siya roon at naghintay.

It was several minutes past the time Laya was supposed to be there. Hindi niya alam kung ano ang nararamdaman. Why was he making a big deal out of it, anyway?

“Evan?” Nang marinig niya ang pagtawag na iyon, bigla yatang sumikat muli ang araw. Hindi niya alam kung bakit parang iyon ang nangyayari sa paligid dahil lamang sa nakikita niya ngayong nakatayo sa hamba ng back door si Laya. “I’m sorry I overslept after lunch.”

Mukha itong bagong gising. Dilat na dilat ang bilugang mga mata at magulo ang maikling buhok. Dark slim jeans at lavender long-sleeved V-necked shirt ang suot nito. Bahagya ring namumula ang babae, na parang tinakbo nito ang papunta roon.

*Stop staring and just move, Evan!* Tumayo siya at iminuwestra rito na maupo. “Okay lang. Upo ka.” Ipinaghila niya ito ng upuan.

Umarko ang isang kilay ng dalaga bago lumapit at naupo sa silyang inilaan niya para rito. He almost held his breath as she passed by him. She smelled wonderful.

“Thanks,” sabi nito at ngumiti sa kanya.

Napakurap siya. Palagi naman siyang nginingitian ni Laya, ngunit parang hindi na siya nasanay. Hindi pa rin niya alam kung paanong magre-respond doon.

“What would you have? Coffee? The usual?”

Ikiniling nito ang ulo. “And what is my usual?”

He racked his brain for an answer. “Strong and sweet.”

Tumango ito. “Wow, naalala mo, ha! Sa dinami-dami ng iginagawa mo ng kape.”

Hindi na siya nagkomento. He really didn’t remember how his customers take their coffee. “And what would you have with that? Kakagawa lang lahat ng tinapay at pastries na nasa menu.”

“Pizza pandesal, iyong ham and cheese. At isang

lemon bar. Iyon na.”

“Okay.” Napatangu-tango siya at tatalikod na sana papasok sa café, ngunit hinawakan ni Laya ang kamay niya. Pagbaling sa babae ay curious itong nakatingin sa kanya.

“Ganito ka talagang magpasalamat, Evan? Pinagsisilbihan mo talaga?”

Ilang sandaling minasdan niya ito. “You were nice to my sister.”

“So? Mabait ang kapatid mo. Balita ko marami siyang kaibigan dito.”

“But you’re not just...” Napabuntong-hininga siya. Paano ba niya ipapaliwanag sa kausap ang buhay nilang magkapatid, which was anything but easy and ordinary? “Hindi siya madaling magtiwala, lalo na sa mga dayo. Pero iilang araw pa lang kayong magkakilala ay parang marami na siyang naikuwento sa ’yo.”

“I see...” Mataman siya nitong minasdan. “And that makes me worthy?”

Tumango siyang muli. “Yes.”

“Yaman din lang na desidido kang pagsilbihan ako, puwedeng mag-request?”

He felt his pulse quicken. Nararamdaman kaya nito iyon sa pupulsuhan niyang hawak-hawak nito? “Okay.”

“Puwedeng samahan mo akong magmerienda? Stay here with me, Evan. Will you?”

Ayaw man niyang pansinin ang nararamdaman, at ayaw man niyang mag-isip, tila wala rin siyang magagawa. Ni hindi niya kayang tanggihan ang gustong mangyari nito.

At kahit pa ayaw niyang ma-involve o ma-attach man lang dito sa kahit na anong paraan, alam ni Evan sa sandaling iyon habang nararamdaman niyang sumasang-ayon ang puso niya sa nais nito, sigurado siya. Huli na ang lahat.

“Okay, Laya. I will.”